



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang Aking Awa ay Nanaig sa Aking Poot Sabi ng Diyos





Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang Aking Awa ay Nanaig sa Aking Poot – Sabi ng Diyos

Ang “kahandaang magpatawad at hindi magparusa” ay karaniwang kahulugan ng salitang awa, ngunit ano nga ba ang awa sa Islam? Sa Islam, ang awa ay binigyan ng mas malalim na kahulugan na naging mahalagang bahagi ng buhay ng bawat Muslim, kung saan siya ay ginagantimpalaan ng Diyos kapag ipinakita niya ito.

Ang awa ni Allah, na ipinagkakaloob sa lahat ng Kanyang nilalang, ay makikita sa lahat ng bagay sa paligid natin: sa araw na nagbibigay ng liwanag at init, at sa hangin at tubig na kinakailangan ng lahat ng may buhay.

Isang buong kabanata sa Qur'an ang ipinangalan sa banal na katangian ni Allah na Ar-Rahman o “Ang Pinakamaawain.

” Dalawa pa sa Kanyang mga katangian ay nagmula rin sa salitang awa — Ar-Rahman at Ar-Rahim, na nangangahulugang “Ang Pinakamaawain” at “Ang Pinakamahabagin.”

Ang dalawang katangiang ito ay binabanggit sa pariralang inuulit sa simula ng 113 kabanata ng Qur'an:

Sa ngalan ni Allah, ang Pinakamaawain, ang Pinakamahabagin.

Ang pariralang ito ay patuloy na paalala sa bumabasa tungkol sa walang hanggang awa at mga biyaya ni Allah.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Tinitiyak ni Allah na sinumang nagkasala ay patatawarin kung siya ay magsisisi at titigil sa kasalanan, sapagkat sinabi Niya:

“Itinakda ng iyong Panginoon para sa Kanyang sarili ang awa: tunay nga, kung sinuman sa inyo ang gumawa ng kasamaan sa kamangmangan, at pagkatapos ay nagsisi at nagbago, tunay nga Siya ay Laging Mapagpatawad, Pinakamaawain.” (Qur'an 6:54)

Ito ay pinagtibay ng isang hadith qudsi kung saan sinabi ni Allah: “Ang Aking awa ay nanaig sa Aking poot.” (Al-Bukhari at Muslim)
Tiniyak din ng Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan)

ang gantimpala sa kabaitan at habag:

“Ang mga maawain ay kaaawaan ng Pinakamaawain. Maawain kayo sa mga nasa lupa, at Siya na nasa langit ay kaaawaan kayo.” (At-Tirmidhi)



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang Awa ng Propeta

Tungkol sa awa ng Propeta Muhammad, sinabi mismo ni Allah tungkol sa kanya:

**“At hindi ka Namin isinugo kundi bilang awa sa mga nilalang.”
(Qur'an 21:107)**

Pinatutunayan nito na ang Islam ay nakaugat sa awa, at na ang Propeta Muhammad (sumakanya ang kapayapaan) ay isinugo bilang awa sa lahat ng nilalang, walang itinangi.

Sinabi rin ni Allah:

**“Dumating na sa inyo ang isang Sugo mula sa inyo mismo;
nahahapis siya sa inyong kapahamakan, labis ang kanyang
malasakit sa inyo, sa mga mananampalataya siya ay maawain at
mapagmalasakit.” (Qur'an 9:128)**

Ang mga talatang ito ay hayagang nakita sa asal ng Propeta. Tiniis niya ang maraming hirap sa paghahatid ng mensahe ni Allah. Siya ay laging mahinahon at mapagpatawad kahit sa mga umuusig sa kanya.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang mga Kasamahan ng Propeta

Tungkol sa mga kasamahan, sinabi ni Allah:

“Si Muhammad ay Sugo ng Diyos; at ang mga kasama niya ay matatag laban sa mga di-nananampalataya ngunit mahabagin sa isa’t isa.” (Qur’an 48:29)

Maaaring isipin ng ilan na natural lamang para sa Propeta na maging moral sapagkat siya ay Propeta, ngunit ang mga kasamahan niya ay karaniwang tao na inialay ang kanilang buhay sa pagsunod kay Allah at sa Kanyang Sugo.

Halimbawa, si Abu Bakr As-Siddiq ay ginugol ang lahat ng kanyang yaman upang bilhin at palayain ang mga alipin para sa kapakanan ni Allah.

Ipinaliwanag ng Propeta na ang tunay na awa ay hindi lamang ipinapakita sa pamilya o mga kaibigan, kundi sa lahat ng tao — kilala man o hindi.





Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Maliit na Awa

Bago dumating ang Islam, ilan sa mga malupit na kaugalian ay ang pag-aalay ng sariling anak bilang sakripisyo sa mga diyus-diyosan at ang pagbaon ng mga batang babae nang buhay. Ang mga gawang ito ay mahigpit na ipinagbawal ng Qur'an at ng Sunnah. Isang halimbawa ng awa ng Propeta sa mga bata: minsan habang siya ay nagdarasal, ang kanyang mga apo — sina Al-Hasan at Al-Husayn — ay umakyat sa kanyang likod habang siya ay nakayuko. Sa halip na tumayo at masaktan sila, pinahaba niya ang kanyang pagyuko. Sa ibang pagkakataon, nagdasal siya habang karga ang kanyang apo na si Umamah.

Hindi lamang sa kanyang mga apo ipinakita ng Propeta ang kabaitan, kundi maging sa mga batang nakakasalubong sa daan. Tatakbo ang mga bata papunta sa kanya, at sasalubungin niya sila nang may ngiti at yakap.

Sinabi rin ng Propeta:

“Kapag sinisimulan ko ang pagdarasal at narinig ko ang iyak ng isang bata, pinaiikli ko ito dahil alam kong nababahala ang ina.”
(Al-Bukhari)

Isang lalaki ang minsang nagsabi sa kanya, “Mayroon akong sampung anak at hindi ko pa nahalikan kahit isa sa kanila.”

Sumagot ang Propeta:

“Ang hindi maawain ay hindi kaaawaan.” (Al-Bukhari at Muslim)



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Isang Haplos Lamang

Sinabi ni Allah:

“Kaya huwag mong alipustain ang ulila.” (Qur’an 93:9)

Ayon dito, sinabi ng Propeta:

“Ako at ang taong nag-aalaga sa isang ulila ay magkakasama sa Paraiso tulad nito,” sabay itinapat ang hintuturo at gitnang daliri. (Al-Bukhari)

Dagdag pa niya, ang sinumang humaplos sa ulo ng ulila bilang tanda ng pagmamahal ay tatanggap ng gantimpala para sa bawat hibla ng buhok na kanyang hinaplos.

Mahigpit ding binalaan ni Allah:

“Ang mga kumakain ng ari-arian ng mga ulila nang labag sa batas ay kumakain ng apoy sa kanilang mga katawan; sila ay daranas ng nagliliyab na apoy.” (Qur’an 4:10)

At sinabi ng Propeta na ang isa sa pitong pinakamalalaking kasalanan ay ang paglustay sa ari-arian ng ulila.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Awa Kahit sa Digmaan

Sa Islam, ang awa ay umaabot maging sa mga kaaway, sa panahon ng kapayapaan at digmaan.

Itinuro ng Propeta sa mga kasamahan na panatilihin ang ugnayan sa mga kamag-anak na di pa nananampalataya, at bigyan sila ng mga regalo.

Sa digmaan, inutusan ni Allah ang mga Muslim na bigyan ng kanlungan ang mga humihingi nito, kahit sila ay kaaway:

“Kung ang isa sa mga pagano ay humingi sa iyo ng kanlungan, bigyan mo siya upang marinig niya ang salita ni Allah; pagkatapos ay ihatid mo siya sa ligtas na lugar.” (Qur’an 9:6)

Ipinagbawal ng Propeta ang pananakit sa matatanda, sugatan, kababaihan, bata, at mga nasa lugar ng pagsamba. Ipinagbawal din ang pagsira ng taniman o kalikasan, at ang paglapastangan sa mga bangkay.

Kapag may mga bihag, inutusan niyang pakitunguhan sila nang may kabaitan. Isinalaysay ng isang bihag na pinakain siya ng tinapay ng pamilyang Muslim habang sila ay kumakain ng datiles lamang.

Nang pumasok ang Propeta sa Makkah bilang nagwagi, tinanong niya ang mga taga-Quraysh:

“Ano ang inaasahan ninyong gagawin ko sa inyo?”

Sumagot sila: “Ikaw ay marangal na kapatid, anak ng marangal na kapatid; inaasahan namin ang kabutihan.”



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Kaya sinabi ng Propeta:

“Sinasabi ko sa inyo ang sinabi ni Yusuf sa kanyang mga kapatid:
‘Walang sisi sa inyo ngayon; patawarin kayo ng Diyos, sapagkat
Siya ang Pinakamaawain sa mga maawain.’ (Qur’an 12:92)
Pumunta na kayo, kayo ay pinalaya.”

Sa araw na iyon ng ganap na tagumpay, pinatawad niya ang lahat
ng dating umuusig sa kanya — isang walang kapantay na halimba-
wa ng awa at kapatawaran.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Lahat ng Nilalang ng Diyos

Maging ang mga hayop ay hindi nakalimutan sa Islam.

Nang makita ng Propeta ang isang asno na may tatak sa mukha, sinabi niya:

“Sinuman ang magtatak o mananakit sa mukha ng hayop ay aking isinumpa.” (Abu Dawud)

Sinabi rin ng Propeta na isang babae ang pumasok sa Impiyerno dahil kinulong niya ang isang pusa at hindi ito pinakain o pinalaya. Samantalang isang lalaki naman ang pumasok sa Paraiso dahil pinainom niya ng tubig ang isang aso na nauuhaw sa disyerto.

Ipinagbawal ng Propeta ang paghahasa ng kutsilyo sa harap ng hayop bago ito katayin, at ang pagkatay ng isang hayop sa harap ng iba. Sinabi niya:

“Si Allah ay nag-utos ng awa sa lahat ng bagay. Kaya maging maawain kayo kapag pumapatay o nagkakatay: patalasin ang inyong patalim upang maibsan ang sakit nito.” (Muslim)

Minsan, nang ang mga kasamahan ay kumuha ng mga inakay ng ibon, sinabi ng Propeta:

“Sino ang nagdulot ng dalamhati sa ibong ito sa pagkuha ng mga anak nito? Isauli ninyo agad.” (Abu Dawud)

Sinabi rin ng Propeta na sinumang gagamit ng buhay na hayop bilang target ay sinumpa, at ipinagbawal ang pagpapalaban ng mga hayop para magkasakitan.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang Diwa ng Awa sa Islam

Ang konsepto ng awa sa Islam ay malawak at buo.

Nagsisimula ito kay Allah, ipinagkakaloob Niya sa lahat ng nilalang, at kapag ipinakita ng tao o hayop ang awa sa isa't isa, sila mismo ay tumatanggap ng higit pang awa mula sa Kanya.

Ang ganitong pananaw ng Islam ay nagtutulak sa pagkakaisa, kabutihan, at pagrespeto sa lahat ng nilikha — ang pundasyon ng tunay na buhay at sibilisasyon.



PHILIPPINES

WWW.filipino.midadedev.com

جمعية طريق الحرير للتواصل الحضاري

مركز دعوة الفلبين

الرياض - حي الريان

جوال +966534114444 الهاتف +966112270607



SA1880000204608015540549 مصرف الراجحي

Pag aanyaya Para sa mga Pilipino